タガログ語版／Tagalog



# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

**Hulyo, 2017**

●Populasyon sa Prepektura
**2,013,742** (Nabawasan ng 4,614 katao)
Lalaki: 975,277 (Nabawasan ng 2,649 katao)
Babae: 1,038,465 (Nabawasan ng 1,965 katao.)
※Abril 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.
※Inihambing sa ( ) ng nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

**Facebook「清流の国ぎふ」**
**Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!**
岐阜県 ミナモだより hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**
**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**
**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**
**(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58**

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang **“d” button** para makuha ang lokal na impormasyon!



## Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

### ●World Freshwater Aquarium Aqua Totto Gifu “Paglalakbay ng mga Hito sa Buong Mundo” Exhibition

Sampung porsiyento (10%) ng populasyon ng isda ang sakop ng hito o catfish. Ang exhibit na ito ng hito o catfish ang pinaka malaki sa Japan.



Ripsaw catfish (*Oxydoras niger*) na nakatira sa Amazon River Basin

Kasama ang permanenteng exhibit, ipakikilala sa nakakarami ang 50 uri ng mga hito sa mundo, mga importanteng larawan nito, atbp. Bata man o matanda ay tiyak na masisiyahan dito.

◆**Petsa:**
Hulyo 15 (Sabado) ~ Disyembre 10 (Linggo)

◆**Lugar:** World Freshwater Aquarium, Aqua Totto Gifu (Kakamigahara- shi, Kawashima- Kasadamachi 1453)

◆**Admission Fee:**
Adulto ¥1,500; Junior at Senior High ¥1,100; Elementarya ¥750; Preschool at pababa ¥370

◆**Para sa mga Katanungan:**
☎0586-89-8200 (tumutugon sa wikang hapon lamang)

◆**Hanaping salita:**アクア・トト

### ●Eksibisyon at Kolaborasyon ng Museo✕Library Sagupaan ng Silangan at Kanluran! The *Sekigahara*

**= Labanan ng Sekigahara at Gifu Castle =**



Larawan ni Masanari Inaba

(Museum Collection)

Noong taong 1600, naganap sa gitna ng Mino at Sekigahara ang mahaba at importanteng labanan na tinawag na “Battle of Sekigahara”. Kahit na ang actual na laban ay umabot lamang ng isang araw, ito ang pinaka importanteng pangyayari na nagbago sa kasaysayan ng bansa. Ipakikilala sa exhibit na ito ang papel na ginampanan ng rehiyon ng Mino at ang pambungad na labanan, kilala bilang “Battle of Gifu Castle”, sa pamamagitan ng mga bagay o gamit, atbp. nina Oda Hidenobu at Todo Takatora.

Ipapakita din kung paano naaalala ng mga mamamayan ng Gifu ang naganap na mga labanan sa pamamagitan ng mga artikulo o bagay ng bawat rehiyon.

◆**Petsa:**
Hulyo 21 (Biyernes) ~ Setyembre 18 (Lunes, Holiday)

◆**Lugar:** Gifu Prefectural Library (Gifu- shi, Usa 4-2-1)

◆**Bayad:** Libre

◆**Para sa mga Katanungan:**
Gifu Prefectural Museum ☎0575-28-3111 (tumutugon sa wikang hapon lamang)

◆**Hanaping salita:** 岐阜県博物館

# Kahon ng Impormasyon

**Pangangalap** **Tumatanggap ng mga Aplikante sa Exam upang maging Empleyado ng Prepektura**

●**Araw ng Pagsusulit:** Pangunahing pagsusulit, Setyembre 24 (Linggo)
●**Lugar ng Pagsusulit:** Gifu-shi, atbp.
●**Application Form:** Ipapamahagi ang mga application forms ng Personnel Commission Secretariat, bawat regional office, Tokyo Office, atbp. mula Hulyo 7 (Biyernes)
Maaari ring humiling ng application form sa pamamagitan ng koreo o i-download ang form mula sa website.
●**Petsa ng Aplikasyon:** Hulyo 28 (Biyernes) ~ Agosto 15 (Martes) balidong tatak ng koreo
*Mangyaring suriing mabuti ang mga detalye sa "Gabay sa Pagsusulit".
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Personnel Commission Secretariat
☎058- 272- 8796 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** 岐阜県職員採用
**※Bukas sa anumang nasyonalidad ang ilang posisyon sa trabaho. Mangyaring makipag- ugnayan para sa karagdagang mga detalye**

**Paalala** **Mga Hakbangin laban sa Heat Stroke**

Ang heat stroke ay isang nakakatakot na kondisyon sanhi ng dehydration at kawalan ng salt content sa katawan na may sintomas na lagnat, kawalan ng malay, atbp. na maaaring humantong sa kamatayan kung hindi ito maagapan agad. Nangyayari ito dahil nasisira ang mekanismo na naga- ayos ng temperatura ng katawan kapag matagal na tutok sa mainit na lugar, sa loob man o labas ng bahay. Upang maiwasan ito, alalahanin ang sumusunod na puntos.

**＜Mga Puntong dapat Tandaan＞**
・Madalas na suriin ang temperatura ng kwarto!
・Uminom ng tubig, atbp. bago pa mauhaw!
・Huwag pagurin ang katawan, maglaan ng pahinga sa mga aktibidad!
・Kumain araw- araw ng may balanseng nutrisyon at panatilihin ang malusog na pangangatawan!

●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Prefectural Fire Services Division ☎058-272-1122

**Impormasyon** **"*Kaki no Hi* (Araw ng mga Bulaklak) Fair"**

Magdaraos ng "*Kaki no Hi* Fair" (Araw ng mga Bulaklak) upang maging pamilyar sa mga bulaklak at mga halaman. Ang mga estudyante sa high school ng Tokai Region ay magpapakitang gilas sa eksibisyon ng dekorasyon ng bulaklak, "High School Student Flower Battle", upang makapasok sa Pambansang kumpetisyon, may mga leksyon ding alay para sa mga bata na tiyak nilang ikatutuwa. May mga nakalaang premiyo rin sa mga bisita (first- come basis). Inaanyayahan ang lahat na dumalo.

●**Petsa:** Agosto 6 (Linggo)
●**Lugar:** Flower Festival Commemorative Park (Kani-shi, Seta 1584-1)
●**Bayad:** Libre (ngunit mayroong admission fee upang makapasok sa park)
●**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Agriculture and Horticulture Division
☎058-272-8428 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
●**Hanaping salita:** ぎふの花き情報

**Impormasyon** **"GIFU *MOKU IKU* WEEK" (*Yama No Hi* Festa, Gifu 2017)**

Ang Agosto ay hinirang na buwan upang maging pamilyar sa mga bundok at upang malaman ang likas- yaman ng Gifu. Kung kaya't gaganapin ang " GIFU *MOKU IKU* WEEK" (Pagpapatupad sa Pangangalaga ng mga Puno) "*Yama No Hi* Festa, Gifu 2017" sa panahong ito.

●**Petsa at Oras:** Agosto 6 (Linggo)~ Agosto 11 (Biyernes, Holiday); 10:00AM~ 16:00PM
●**Lugar:** Agosto 6 ~ 10: Active G (Gifu-shi, Hashimoto-cho 1-10-1)
Agosto 11: Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi, Gakuen-cho 3-42)
●**Bayad:** Libre (ngunit mayroong parte na may bayad)
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Gifu Prefectural Forestry Promotion Division
☎058-272-8821 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

**Impormasyon** **Bumili ng Summer Jumbo Lottery (*Takarakuji*) sa loob ng Prepektura**

Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, mga aksyon para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili ng loterya, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu.

●**Petsa ng pagbenta:** Hulyo18 (Martes)~ Agosto 10 (Huwebes)
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan**: Gifu Prefectural Finance Division
☎058-272-1130 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

**Impormasyon** **Lektura sa Pagtaguyod ng Pagunawa sa mga Developmental Disorders 2017**

Magdaraos ng lektura para sa mga kapamilya, tagapag-alaga o supporter ng mga taong may developmental disorders. Sa araw na ito, inimbitahan na magbigay ng lektura si Mr. Yasuo Tanaka, isang child psychiatrist (Director ng

Kokoro to Sodachi no Clinic Musubime at honorary professor sa Hokkaido University) tungkol sa “Clinical Developmental Disability as a Life Impairment”. Inaanyayahan ang lahat.

●**Petsa at Oras:** Agosto 6 (Linggo), 13:00 ~ 15:30
●**Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi, Gakuen-cho 3-42)
●**Kapasidad:** 400 katao (first- come basis at maaaring sumali kahit sino)
●**Bayad:** Libre
●**Paraan ng Aplikasyon o Application Form:** Mag- apply sa pamamagitan ng web application o i- Fax ang application form.
●**Deadline ng Applikasyon:** Hulyo 31 (Lunes), (matatapos ang aplikayson kung umabot sa limitasyon ng kapasidad)
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Gifu Prefectural Developmental Disabilities Assistance Nozomi
☎058-233- 5116 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-233-5131
●**Hanaping salita:** 岐阜県発達障害者支援センターのぞみ

**Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Mayo 24, 2017.**

**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**
☎058-272-1111（Dir. Lin.）（wikang Hapon lamang）FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp/